

ACTIVITY

- A. Gamit ang sariling salita, punan ang nangyaring panunukso ni Satan kay Jesus. Ilagay sa green post it ang sinabi ni Satan at sa yellow post it naman ay ang naging tugon ni Jesus.

1



2



3



B. Sagutin ang mga tanong.

1. Sino ang nanguna kay Jesus sa ilang?

2. Gaano katagal nanatili si Jesus sa ilang?

3. Ano ang palaging ginagamit na panangga ni Jesus sa lahat ng panunukso ni Satanas?

4. Ano ang nangyari pagkatapos labanan ni Jesus ang lahat ng tukso?

5. Ano ang matututuhan mo kay Jesus sa kuwentong ito?

Ang tugon ni Jesus sa bawat tukso ni Satanas ay ang Salita ng Diyos. Ipinakikita nito kung gaano kahalaga na malaman natin ang Salita ng Diyos upang ito ay ating gamitin kapag nahaharap tayo sa mga hamon. Ang mga batang tulad natin ay dapat na paniwalaan at alalahanin na ang Salita ng Diyos ay makapangyarihan at magbibigay tagumpay sa atin laban sa mga panunukso gaya na lang ng halimbawang ipinakita ni Jesus.



C. Basahin ang kwento.

Si Ethan, na labindalawang taong gulang, ay pauwi galing sa eskuwela kasama ang kanyang mga kaibigan na sina Jake at Ryan. Tumigil sila sa isang maliit na grocery store sa daan.

"Kumuha tayo ng meryenda," sabi ni Jake habang nakangiti. "Huwag kayong mag-alala sa bayad. Hindi naman napapansin ng may-ari kung may kinukuha tayo."

Nag-alinlangan si Ethan. "Hindi ba... pagnanakaw iyon?" tanong niya.

Tumawa si Jake. "Halika na, Ethan. Candy bar lang naman. Walang masama doon. Lahat naman gumagawa nito."

Sumabad si Ryan, "Oo nga. Huwag kang maging duwag. Natatakot ka ba?"

Kumakabog ang puso ni Ethan. Gusto niyang maging bahagi ng grupo at ayaw niyang isipin ng mga kaibigan niya na mahina siya. Kaya kahit alam niyang mali, kumuha siya ng isang candy bar at inilagay ito sa kanyang bulsa, ginaya ang ginawa nila.

Sa una, nakahinga si Ethan ng maluwag dahil nagtatawanan ang mga kaibigan niya at tinatrato siyang bahagi ng grupo. Pero habang naglalakad pauwi mag-isa, nagsimula siyang makaramdam ng bigat sa dibdib. Ang candy bar sa bulsa niya ay parang bumibigat ng husto sa bawat hakbang niya.

Pagdating niya sa bahay, hindi na niya kaya pang itago ang nangyari. Lumapit siya sa kanyang mga magulang, nakatungo ang ulo.

"Mom, Dad," bungad niya, habang may luha sa kanyang mga mata, "May aaminin po ako. Hinamon ako ng mga kaibigan ko na kumuha ng candy bar sa tindahan... at ginawa ko po. Alam kong mali iyon, pero ayokong isipin nila na duwag ako."

Tahimik na nakinig ang kanyang mga magulang. Nilagay ng kanyang ama ang kamay sa kanyang balikat bilang suporta. "Ethan, natutuwa kami na inamin mo ang totoo. Malaking bagay ang pagiging tapat. Pero pag-usapan natin kung bakit nangyari ito."

Tumango ang kanyang ina. "Naalala mo ba ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pagnanakaw?"

Pinunasan ni Ethan ang kanyang mga mata at nag-isip ng sandali. "Sabi sa Sampung Utos, 'Huwag kang magnanakaw.'"

"Tama," sabi ng kanyang ina. "Pero hindi lang ito tungkol sa pagsunod sa mga utos. Ito'y tungkol sa pagbibigay galang sa Diyos sa pamamagitan ng ating mga ginagawa at pagtitiwala sa Kanya, kahit mahirap."

Dagdag ng kanyang ama, "Minsan, ang paggawa ng tama ay nangangahulugan ng pagiging kakaiba, kahit pa pagtawanan ka ng iba. Si Jesus mismo ay nakaranas ng tukso, pero palagi siyang tumutugon gamit ang Salita ng Diyos. Naalala mo ba ang sinabi Niya nang tuksuhin Siya ni Satanas?"

Dahan-dahang tumango si Ethan. "Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos at Siya lamang ang iyong paglingkuran."

"Tama," sabi ng kanyang ama. "Ang Salita ng Diyos ang nagbibigay ng lakas kapag tinutukso tayo. Sa susunod, magtiwala ka sa natutunan mo."

Kinabukasan, naglakad muli si Ethan papunta sa tindahan kasama sina Jake at Ryan. Muli, hinamon nila siyang kumuha ng bagay. Pero sa pagkakataong ito, huminga nang malalim si Ethan at nanindigan.

"No. Hindi ko gagawin iyan," sabi niya nang may kumpiyansa.

Umikot ang mga mata ni Jake. "Bakit hindi? Huwag mong sabihing natatakot ka pa rin."

"Hindi ako natatakot," sabi ni Ethan. "Alam ko lang na mali iyon. Sabi sa Bibliya, 'Huwag kang magnanakaw.' Ayokong hindi parangalan ang Diyos, at ayokong saktan ang may-ari ng tindahan. Sa katunayan, ibabalik ko ngayon ang candy bar na kinuha ko kahapon."

Nagulat sina Jake at Ryan. Hindi sila umimik, pero halatang nahihiya sila.

Habang umaalis sa tindahan, naramdaman ni Ethan ang kapayapaang hindi niya naramdaman noong nakaraang araw. Alam niyang tama ang ginawa niya. Ang mga sinabi ng kanyang mga magulang at ang Salita ng Diyos ay nagbigay sa kanya ng lakas upang panindigan ang tama.

Kinagabihan, ikinuwento ni Ethan sa kanyang mga magulang ang nangyari. Niyakap siya ng mga ito habang nakangiti. "Proud kami sa iyo, Ethan," sabi ng kanyang ina. "Natututo ka nang ipamuhay ang iyong pananampalataya."

At alam ni Ethan sa kanyang puso na ang paninindigan para sa Diyos ay laging tama, gaano man kahirap.

❖ Tama o Mali. Gumuhit ng smiley face sa patlang kung tama ang pangungusap at sad face naman kung mali.

_____1. Bumigay si Ethan sa panggigipit ng kanyang mga kaibigan at nagnakaw ng candy bar sa grocery store.

_____2. Hindi napektuhan ang kalooban ni Ethan sa pagnanakaw ng candy bar.

- _____3. Ipinagtapat ni Ethan sa kanyang mga magulang ang kanyang ginawa.
- _____4. Pinarusahan at hindi kinausap si Ethan ng kanyang mga magulang dahil sa galit.
- _____5. Ipinaalala sa kanya ng kanyang mga magulang ang sinasabi sa Bibliya at ang kahalagahan ng paggalang sa Diyos.
- _____6. Nang sumunod na pagkakataon na tuksuhin siya ng kanyang mga kaibigan, tumanggi na si Ethan at ginamit ang Salita ng Diyos bilang pagtangga.
- _____7. Nagpasya si Ethan na ipagpatuloy ang pagnanakaw at inilihim ito sa iba.
- _____8. Nadama ni Ethan ang kapayapaan at kaligayahan nang piliin niyang gawin ang tama at ibalik ang candy bar sa tindahan.

Mula sa kuwento ni Ethan, matututunan nating mga bata ang kahalagahan ng pagkakaalam ng Salita ng Diyos, pagiging tapat sa ating mga pagkakamali, at pananagutan ang ating mga aksyon. Nakita natin sa kwento kung paano nakakapagbigay ang Salita ng Diyos ng lakas na labanan ang tukso at gumawa ng mas mabuting mga pagpili, kahit na mahirap. Ang halimbawa ni Ethan ay nagpapakita na ang paninindigan para sa tama ay palaging kapakinabangan, at ang maka-Diyos na pamilya at pananampalataya ay maaaring gumabay sa atin na mamuhay sa paraang nagbibigay parangal sa Diyos. Ang pagsasaayos ng maling gawain ay nakikita hindi lamang sa salita kundi pati sa gawa.



D. Memory Verse

Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo.
Santiago 4:7